

1

“Wow, Alamae, congratulations!” tili ng kaibigan niyang si Beth who was twenty-seven years old. Her friend was three years older than her. Payat ito at may maikling buhok, mahinahon at super bait. Na-meet niya ito sa isang Bible Study group several months ago through another friend of hers.

“Your hard work has finally paid off! Patok na patok talaga itong *Cuddly Land* mo kahit kabubukas lang sa mall,” patuloy nito habang namimilog ang mga mata at pinagmamasdan ang sobrang haba ng pila ng mga tao na pumapasok sa kanyang stuffed toy shop sa may Quezon City.

“Thanks to you, Ate Beth! Alam kong sobrang laki ng naitulong ng mga panalangin mo. Without them, this would never have happened,” buong pasasalamat niyang tugon.

“Grabe, ang suwerte mo talaga, Alamae!” manghang bulalas naman ni Page, ang kaibigan niyang edad beinte dos. Madaldal at prangka ito at siya ring komedyante sa kanilang tatlo. Isa ito sa mga naging faithful employees niya sa dating maliit pang shop niya.

“Pakiulit nga ang sinabi mo!” aniya habang palipat-lipat ng tingin dito at kay Beth na tila may pinupunto.

“Ah, eh...what I meant was, you are *blessed!*” alanganing tugon nito sabay tingin sa pinakamatanda sa kanila.

“Ito naman, ginawa na naman akong panakot!” sita ni Beth sabay tapik ng braso niya. Very spiritual kasi ang turing nila rito dahil ito ang nagsasagawa ng kanilang mga Bible studies.

“Well, tama lang ’yun, ’no! She should know by now the difference between *luck* and *blessing*,” nakangiting saad ni Alamae.

“Bakit? Alam ko naman, ah,” nakangusong tugon ni Page. “*Luck* happens without a reason. Wala itong kasiguraduhan kung saan nagmumula at walang katiyakan kung kailan mangyayari at kung sino ang tatamaan. But *blessings* on the other hand, are good things that come from heaven above. They come from the Father of lights and are released through earnest and constant prayer through faith in Jesus,” pagmamalaking turan nito.

“Aba,” ani Alamae na nanlaki ang mga mata. “Kahit paano pala ay may natututunan ka sa mga

Bible studies natin?” tukso niya rito sabay apir kay Beth. Madalas nila itong pagtripan dahil sa pagiging isip-bata nito kung minsan.

“May *good soul* within me naman siguro kahit paano, di ba?” ani Page na napamaywang pa.

“O siya, siya,” sabi ni Beth. “Baka saan pa mapunta ang usaping ito.”

Naging excited bigla ang mukha ni Page na para bang may na-realize itong kung ano, pero agad din iyong nawala nang di-sinasadyang mabunggo ito ng isa sa mga nagmamadaling customer na gustong pumasok sa loob. Halos hindi na mahulugan ng karayom ang shop ni Alamae dahil sa dami ng tao na tumangkilik sa pagbubukas noong araw na iyon.

Umusok bigla ang ilong ng nakababatang babae sa galit. “Ikaw, tabachoy ka!” ani Page na nag-init bigla at akmang susugurin ang salarin na kitang-kita nila na pilit na nakikipagsiksikan sa dami ng tao.

“Oops! Teka, teka! Saan ka pupunta, aber?” Mahigpit niyang hinawakan ang likuran ng suot nitong blouse upang pigilan ito. “Where’s that good soul of yours now?”

“Hay naku, lumilitaw lang iyon tuwing Bible studies,” singhal nito nang hindi man lang siya

nililingon.

“Puwes, halika na’t mag-Bible Study na pala tayo!” aniyang natatawa sabay senyas kay Beth upang hatakin ito papalayo ng shop.

Para itong biglang nanlambot sa kanyang sinabi. “W-what? Di ba next week pa iyon?” Tila ba takot na takot si Page.

“Ito naman, joke lang iyon, ’noh! Para ka namang kakatayin d’un,” natatawa niyang sagot sabay kawit sa bisig nito. Napatingin siya kay Beth. “Come on, let’s go!”

“O saan naman tayo pupunta?” tanong ni Page.

“Saan pa, eh di, ise-share ko ang *blessings* ko! Let’s go out and eat sa Chines—”

Hindi na niya natapos ang sasabihin. Page was out of sight!

“Hay naku, ang lumba-lumbang iyon,” nailing niyang saad. “Kung gan’on lang sana siya kabilis tuwing may Bible Study tayo.”

Napatingin na lang sila sa isa’t isa ni Beth at nagkatawanan saka sinundan ang kaibigan.

“God bless!” sabay-sabay na anilang tatlo sa mga kasama nila sa loob ng kanyang living room habang isa-isang kinakamayan ang may anim din nilang kasama sa katatapos lang ng Bible Study.

Ilang saglit pa ay nag-alisan na rin ang mga iyon. Isinara na ni Alamae ang pinto. Sila na lang tatlo ang natira sa sala. Napatingin siyang bigla sa kanyang relo.

“Saglit lang, ha!” bungad niya kina Beth at Page. “Magpapalit lang ako ng damit.” Tinungo niya agad ang kanyang kuwarto na malapit sa may kusina. May plano kasi silang kumain sa labas noong gabing iyon.

After niyang makapag-ayos at magpalit ng damit ay lumabas na rin siya.

“Teka? Ang ganda naman ng suot mo! May date ka ba na hindi namin alam?” biro ni Page. Simple lang kasi siyang magbihis tuwing may lakad silang tatlo. It was their first time to see her dress up, lalo tuloy nahayag ang kanyang natatagong ganda.

Tumaas ang kanyang kilay habang tinitingnan ang suot na jade green babydoll blouse at black fitted jeans na tinernuhan ng high sandals.

“Heto? Matagal ko nang damit ito, 'no.”

“Hay naku, Page, wala naman sigurong masama kung magsuot siya ng magandang outfit to look beautiful, di ba?” singit ni Beth.

“Aba, I beg to disagree! Masamang-masama iyon lalo pa’t next month ay *Valentine’s* na, ’no!” napangusong sagot ng nakababatang babae.

“Eh, ano naman ngayon kung *Valentine’s* na next month?” pagtatakang tanong niya.

“Eh, di ba, usapan natin na *ako* muna ang unang magkaka-boyfriend sa ating tatlo?” giit nito.

“Impossible naman yata ang hinihiling mo?” natatawang sagot ni Beth.

“Oo nga!” pagsang-ayon ni Alamae. “Talo ka na dahil si Beth, ikakasal na next year sa isang church worker nila. That means matagal na siyang may boyfriend.”

“Eh di, tayo na lang pala ang makipag-deal sa isa’t isa,” giit ni Page na parang bata.

Halos isang taon na silang magkakilala nito at alam ng kaibigan na hanggang ngayon ay wala pa siyang kasintahan, kaya naman malakas ang loob nito na hamunin siya.

“Hindi puwede ’noh!” aniyang pinipilit na

hindi tumawa dahil sa kalunus-lunos na hitsura ng desperadong kaibigan. “Haven’t you hea—”

Nag-ring ang kanyang cellphone kaya hindi na niya natuloy ang sasabihin.

“Talaga?” gulat niyang tugon sa kausap. “Wow! It’s an answered prayer!” tuwa niyang sambit.

Hindi naman mahaba ang pag-uusap nila ng taong nasa kabilang linya. Pero napatalon siya sa tuwa pagkatapos.

“Praise God! Hindi na natuloy ang *caesarean* ng ate ko sa Amerika! She gave birth to a beautiful baby boy!” Both of her hands were up in the air. “Thank you, God!” Napatingala pa siya sa langit.

“Wow! It’s a miracle!” tili ni Page. Kasama rin kasi itong nananalangin sa prayer request niyang iyon. They’ve had that prayer request for two months.

“God is so good talaga!” tuwang-tuwang sambit ni Beth. “Another answered prayer!”

“Talaga palang totoo ang Ephesians 3:20 if you believe in faith!” manghang sabi niya. She was pertaining to this verse, *‘Now to him who is able to do immeasurably more than all we ask or imagine, according to his power that is at work within us’*.

“Grabe!” bilib na sambit ni Page. “So possible pala talaga akong magka-boyfriend this *Valentine’s!*”

“Maiba nga tayo saglit,” singit ni Alamae. “Kakaiba talaga ang mga narinig kong mga testimonies tonight.”

“Oo nga. Puro miracle testimonies nga, eh!” Si Beth.

Ilang sandali silang nagkuwentuhan tungkol sa mga naringgan nilang testimonies.

“Ay, anong oras na?” bulalas ni Beth mayamaya. “Baka magsarado na ang Japanese restaurant na balak nating puntahan. Umalis na tayo!”

Natigil bigla ang kanilang pagkukuwentuhan. “Halika na nga’t lumabas na tayo!” aya niya sa dalawa saka kinuha ang sariling bag.

Ilang saglit pa ay nasa garahe na sila. Sabay-sabay nilang tinungo ang kanyang bagong kotse.

“Kumusta na pala ang prayer request tungkol sa friend mo?” tanong ni Beth sa kanya noong binuksan niya ang driver’s door. Pumasok siya sa loob upang i-unlock ang mga pinto saka sumenyas na pumasok na sila sa loob.

“You mean, my friend na halos two years nang

hindi nakikipag-usap sa kanyang sweetheart?” ani Alamae. Ipinasok niya ang susi saka pinihit iyon at nagpalinga-linga.

“What? Two years nang walang pag-uusap?” bulalas ni Page. “Aba, mahirap na ’atang maremedyuhan iyon kahit pa ipanalangin iyon. Sabihin mo, maghanap na lang siya ng iba!” anito saka in-attach ang seatbelt sa malapad nitong katawan.

Para naman siyang walang narinig. Isinuot niya ang sariling seatbelt saka dahan-dahang pinaandar ang kotse. Unti-unti niyang inilabas iyon sa kalsada mula sa kanyang maliit na garahe. Nang matapos ay muli siyang nagsalita.

“Mukhang matinding panalangin ang kailangan,” simpleng tugon ni Alamae.

Bago tuluyang lumabas sa kalsada ay nanghingi muli siya ng isang prayer request.

“Ano ‘yun?” tanong naman ng dalawa.

She suddenly became silent. Naging malungkot ang ekspresyon ng kanyang mukha. Mukhang ngayon lang siya nakita ng dalawa na ganoon kaya parehong hinawakan siya sa balikat as if comforting her about the bad news she was about to release.

“Could you please pray for me?” mahina niyang sambit. Nalukot ang kanyang mukha at halos nabura na ang lahat ng sigla sa kanilang pag-uusap kanina.

Isang tango lang ang tugon ng mga ito sa kanya, halatang naghihintay sa susunod niyang sasabihin.

“I need you to pray...” Huminga siya nang malalim bago nagpatuloy na tila ba sinusuring mabuti ang lalabas sa bibig, “... Na hindi masaktan... ang wallet ko... sa food bill natin mamaya,” aniya sabay belat kay Page. Sinundan niya iyon ng isang pilyong ngiti.

Lumipas ang ilang segundo bago isang malakas na ‘*Aaaaaayyy!*’ ang umalingawngaw sa loob ng pinaharurot niyang kotse.

2

Kaninang-kanina pa nabubugnot si Alamae sa loob ng kanyang opisina. Paano ba naman, ten a.m. pa lang pero dalawang customer complaints na ang sumalubong sa kanya nang umagang iyon.

“Ayaw umikot nitong panda ballerina ko! Eh, kagabi gumagana pa ito. Limang beses ko pa nga lang naiikot itong knob niya sa gilid.” Iyon ang una niyang natanggap na customer complaint.

Naging mahaba-haba ang pakikipagtalo niya sa customer bago ito tuluyang nakumbinsi na pumili na lang ng iba nilang produkto. Matapos niyang maareglo ang problema, may sumunod na namang pumasok na isa pang customer.

“Gusto kong palitan itong teddy bear na nabili ko kagabi,” sabi ng isang babae na tantya niya ay treinta’y cinco ang edad. May kasama itong batang babae na five years old. Sa hitsura pa lang ng bata ay halatang gulo na ang hatid nito. She was able to confirm her thoughts when the girl gave her a mischievous smile.

“Ano po ang problema?” tanong niya rito na pilit

kinokontrol ang sarili na mairita o madismaya na naman.

“Kasi natanggal ang tainga,” sagot nito sabay pakita sa kanya ng dala nitong fluffy white teddy bear.

“As’an na ’yung tainga?” takang tanong niya. Alam niyang di basta-basta nasisira ang kanilang mga produkto dahil matitibay ang pagkakagawa ng mga iyon, maliban kung masyadong careless ang may-ari.

“Where’s the right ear?” tanong naman ng babae sa bata.

Dinukot ng huli mula sa bulsa nito ang isang tainga na rainbow colored. It was water color and crayon stained.

“Eto po,” pairap nitong abot sa kanya.

“Ano’ng...” Pinigil niya ang sarili na hindi mabuwal sa kinatatayuan.

Sigurado, kung hindi lang dahil sa tatlong buwan niyang pagdalo sa mga Bible studies nila ay siguradong makakatikim ito ng salita sa kanya. It was obvious that her customer’s kid was a *‘stuffed toy murderer’*. Buti na lang at kahit papaano, the word of God was able to help her control her temper.

Huminga siya ng malalim bago muling nagsalita.

“Sige, pumili na lang po kayo ng ipapalit ninyo diyan,” ani Alamae na pigil ang emosyon. Alam niyang hindi ang namantsahang tainga ang issue roon; dapat kasi hindi natatanggal nang basta-basta ang bahaging iyon kung matibay talaga pagkakagawa, kaya hinayaan na lang niya na mapalitan ang stuffed toy.

The lady and the little girl went to the brown shelf at matamang pinagmasdan ang mga stuffed toys na nakahilera roon. Palipat-lipat ang kanilang tingin. It was very hard for them to choose. Halos sampung minuto ang lumipas bago tuluyang nakapili ng kapalit ang mga ito. It was a cute pink bunny na may red ribbon sa gilid ng mahabang tainga nito. Iniabot iyon ng babae sa kanya.

“Ma’am, just to remind you, we only allow product exchange only once. After that, hindi na puwede. Kaya kung maaari, suriin ninyo munang mabuti kung maayos ito bago ninyo kunin,” magalang niyang sabi.

“Kiara, what do you think about this bunny?” tanong ng babae sabay abot ng laruan sa bata.

Hindi sigurado si Alamae pero parang nakita niya ang isang pilyang ngiti sa mukha nito bago iyon tuluyang kinuha. Mayamaya, bigla na lang hinawakan

ng bata ang isang mabalbong tainga niyon. Binigyan muna siya nito ng nakakalokong ngiti saka mabilis na inikot-ikot ang manika sa ere. Muntik na siyang mag-alta-presyon.

Page, bakit ka pa kasi nag-absent ngayon? Ganda talaga ng timing mo!

She felt helpless without her savior. Ang kaibigan kasi ang nagsisilbi niyang ‘Stuffed Toy Robocop’ sa tuwing may mga ganitong klase na customer.

Come on. Focus, Alamae, you can do it! kumbinsi niya sa sarili sabay pikit ng mga mata. “*Whatever is noble, whatever is pure, whatever is lovely...think of such things...*” paulit-ulit niyang bulong. It was a Bible verse taken from Philippians 4:8. Pinilit niyang mag-imagine ng mabubuting bagay na puwedeng makapagpagaan sa kanyang damdamin noong mga oras na iyon. Nakipag-cooperate naman agad ang kanyang isipan.

There in her mind, although it wasn’t very clear, she was imagining that she was holding something and was spinning it very fast. Napangiti siya nang luminaw na ang picture. She was holding her customer’s kid by the ear and was spinning the kid very fast.

“*Saklolo!*” Panay ang sigaw ng bata sa kanyang imagination. She tried her best to conceal her joy, iyon nga lang naputol agad iyon n’ung makita niya ang pagsingit ng mukha ni Beth sa kanyang imagination.

“*Ano’ng ginagawa mo, Alamae?*” sita nito sa kanya. Bigla tuloy siyang napadilat at napakamot ng ulo.

“Miss, we’ll take this!” Boses iyon ng babae. It caught her attention. Pagdilal niya ay medyo kumalma na siya.

The bunny survived! Buo ang katawan nito lalo na ang mahabang tainga. Kinuha niya iyon saka tumungo sa pinakamalapit na counter. Binulungan muna niya iyon bago isinilid sa cute na plastic bag.

“Remember Ephesians 6. Put on the full armor of God, so you can stand against the devil’s schemes... for our battle is not against flesh and blood...but against the powers of this dark world,” mahinang encourage niya na para bang may buhay ang laruan. Nanahimik siyang saglit saka napaisip.

Hmm. I think I should take my own advice, aniya saka dahan-dahang napaharap sa dalawang naghihintay. “Di bale, if you lose, I’ll see you in heaven naman!” mahina niyang bigkas sa manyika sabay

abot sa bata.

“May sinasabi ka?” takang tanong ng babae.

Did I say it out loud?

“Ah wala po, sabi ko have a very *heavenly* nice day!” saka in-escort papalabas ang mga ito. She was happy that they were out of sight!

Mayamaya ay ipinagbiling na lang ni Alamae sa isa sa mga employees niya na i-entertain ang kung anumang customer complaints na maaaring dumating sa araw na iyon.

Dumerecho na siya kaagad sa kanyang opisina at umupo sa kanyang black swivel chair. Mayamaya ay napayukong isinandal niya ang ulo sa mesa na puno ng paperworks. She felt worn-out already.

Nag-ayos siya ng upo. Napatingin siya sa isang very adorable na stuffed teddy bear na nasa gilid ng kanyang mesa. Kulay mint green iyon at mabalbon. Mayroon iyong symbol na four leaf clover sa sentro ng puti nitong tiyan na mabalahibo. ‘*Good Luck Bear*’ ang pangalan nito. It was one of the popular *Care Bears* stuffed toys.

Nag-ayos siya ng upo at dahan-dahang inabot iyon.

“Puwede bang palitan ko na lang ang pangalan mo ng ‘*Blessed Bear*’?” biro ni Alamae. Kahit na medyo may kalumaan na, hindi pa rin mawala ang sentimental value nito sa kanya. She got it four years ago, when she was twenty years old. Bigay iyon ng kanyang dating kasintahan.

I wonder what you are doing these days, Dean, aniyang napabuntong-hininga. Halos magdadalawang taon na rin niyang hindi ito nakikita. Aminin man niya o hindi, she missed his jokes and his voice very much, lalo na ang malambing na paghaplos nito sa kanyang mahabang buhok.

Napabuntong-hininga na lang nang malalim si Alamae nang maalala ang guwapong hitsura ng binata. Nag-flashback bigla sa kanyang isipan ang magagandang moments sa kanilang relationship. She could see him caressing her hair and singing lullabies to her habang nakakandong ang kanyang ulo sa mahabang mga binti nito.

Napangiti siya bigla.

“So ano ba talaga ang hinahanap mo sa isang lalaki?” tanong ni Page while they were at a fastfood restaurant having lunch.

Kasama rin nila si Beth. Kalalabas din lang nito sa isang craft store kung saan ito nagtatrabaho. Doon na sa kainan ito nakipagkita sa kanila dahil may dinaanan ito saglit para sa pamangkin.

Nilunok muna niya ang pagkain sa kanyang bibig bago sinagot ang tanong ng kaibigan. “Wala naman akong standards na nire-require. Basta ’yung seseryosohin lang ako at mamahalin. Someone who will make me feel that I am his top priority,” aniya sabay inom ng hawak na cola drink.

“So okay na pala sa iyo kahit na mukhang bakulaw, ganoon ba?” pilyong biro ni Page sabay kagat ng burger. Halata niyang hindi kumbinsido ang kaibigan sa kanyang isinagot. Tinugunan naman niya ito ng isang sarcastic smile.

“Wag mo nang pansinin ’yang si Page,” singit ni Beth. “So ano ba’ng hitsura ng tipo mong lalaki?” anito sabay hati ng pizza sa plato.

“Bakit? May irereto ba kayo sa ’kin?” biro niyang balik. “Aba, bilisan n’yo na’t malapit nang mag-*Valentine’s* at nang hindi na ako mahirapan,” tawang sambit ni Alamae. Sumubo siya muli ng pagkain bago muling nagsalita. “Sige na nga kung talagang mausisa kayo, sasabihin ko.”

Ibinaba niya ang kutsara at tumingin sa itaas na tila ba naroon ang kasagutan.

“Ang tipo ko ng lalaki ay iyong kayumanggi ang kulay tapos may facial hair.”

“Eww! Gusto pala niya ng isang kapre!” hagalpak na tawa ni Page. “Aray!” bigla nitong hiyaw nang maramdaman ang pinong kurot ni Beth.

Parang wala naman siyang narinig. Nagpatuloy lang siya sa pagsasalita. “Dapat matangkad siya with dark brown hair with pointy edges...”

“Kapre nga talaga ang gusto niya!” pang-aasar ni Page sabay tingin kay Beth na halos mabulunan sa sinabi nito.

“...with beautiful eyes and a prominent nose,” aniyang napabuntong-hininga pagkatapos. Napakalapad ng kanyang ngiti noong mga oras na iyon na para bang may mukha talaga ng isang guwapong lalaki sa harap niya. It was obvious that she was daydreaming.

“Okay. Madali lang naman palang hanapin ang tipo ng lalaki na gusto mo, eh,” sagot ni Page saka nilingon si Beth. “Kaya mo bang manalangin na before *Valentine’s* ay ma-meet na niya ang isang stranger na mukhang kapreng kahawig ni Tom Cruise?” hamon

nito sa babae.

Hindi na nakasagot si Beth dahil naging abala na ito sa pag-aalis ng natapong sauce sa navy blue long sleeved blouse na suot nito. Natawa kasi ito dahil sa binanggit ni Page.

“Ha-ha-ha! So funny,” sarkastiko niyang saad.

Isang tawag sa kanyang cellphone ang biglang pumutol sa kanilang masayang usapan.

“Okay. Thanks for calling!” aniya sa kausap saka ibinaba ang telepono. Tumingin naman siya kay Page.

“Kailangan na nating umalis, Page. Papunta na raw ’yung mag-aayos ng crack sa tile ng sahig natin,” aniyang nagmamadaling tumayo.

May nangyari kasi nang nakaraang araw sa shop niya. Natalisod ang isang batang lalaki at nang tumama ang mukha nito sa sahig ay natanggal ang harap na ngipin nito. Mabuti na lang, naka-schedule na talaga para sa pagbunot ng ipin ang bata. Iyong mismong natanggal na ngipin ang aalisin dapat. Pero nagkaroon pa rin ng crack ang tiles sa sahig nila kaya iyon ang kanilang ipapaayos.

Sumabay na rin si Beth sa paglabas ng fastfood restaurant dahil magtatrabaho na rin ito.

Ilang saglit pa lang silang nakakarating ay tinawag na si Page ng isa sa mga cash registrars niya. Siya naman ay dumerecho na sa loob ng kanyang office. Kung dumating man ang taga-ayos, hindi na niya iyon poproblemahin. Alam naman ni Page kung saang tile iyong may crack. Naisip na lang niyang ituon ang muna focus sa paperwork.

Limang minuto ang lumipas nang biglang napaangat ang kanyang mukha mula sa pagkakatitig sa mga papel dahil sa sunud-sunod ang pagkatok sa kanyang pintuan. Alam niyang si Page iyon base sa bigat ng katok nito. Para tuloy may emergency.

“Tuloy!” imbita niya rito. When the door opened she was surprised by her friend’s perplexed expression. Para kasi itong tuod na nakatitig lang sa kanya na panay ang senyas.

“O, bakit para kang nakakita ng white lady?” takang tanong niya rito. Nagpatuloy lang ito sa tuod nitong pagsenyas sa kanya. “Ano?” gulong tanong niya ulit. Tumayo na siya upang silipin ang bagay na tinuturo nito sa labas ng opisina.

Biglang naligalig ang kanyang sistema nang makita ang malamang ay siyang ikinagulat ng kaibigan.

Right Here Waiting - Asia Almar

“Malakas talaga yatang manalangin si Ate Beth!”
singhap ni Alamae.

3

Taos sa pusong nananalangin si Alamae na hindi marinig ni Page ang malakas na dagundong ng tibok ng kanyang puso habang nakatitig sa guwapong pigura na kakapasok lang ng kanyang shop. Grabe naman ang kilig ni Page dahil eksakto ang estranghero sa deskripsyon niya ng Prince Charming ilang oras pa lang ang nakakaraan.

He was standing a few feet away from her. At kahit pilit niya pang itago, nahalata ng kanyang kaibigan na apektado siya ng presensya nito. Okay lang iyon dahil mukhang tinamaan din ng kanyang ganda at charm ang lalaki lalo na noong magtama ang kanilang mga mata.

Pero sa kung anong dahilan, naging bahag ang kanyang buntot at biglang naalangan siya na i-entertain ito.

Pasimple niyang binulungan ang kaibigan upang ito ang kumausap sa lalaki pagkatapos ay tumungo na siya sa loob ng kanyang opisina. Bago pa siya nakapasok nang tuluyan, nakita na niya ang look of disappointment sa guwapong mukha ng lalaki nang kausapin ito ni Page, pati na rin ang mabilis na

pagsulyap nito sa kanyang kinaroroonan.

Muling kinausap ng lalaki si Page. Base sa reaksyon nito, pakiramdam ni Alamae ay nakikiusap ito sa kaibigan niya upang makausap siya pero pinigilan ito ng huli. Isang kilig ang gumapang sa gulugod niya na nagdulot ng ngiti sa kanyang puso bago niya tuluyang sinarado ang pinto.

Ilang oras matapos, katatapos lang nilang mag-lunch break. Nasa loob sila ng coffee shop kasama si Beth. Wala naman silang masyadong napag-usapan kundi ang guwapong lalaki na pumasok sa shop niya kanina. Habang nagiging tampulan naman si Alamae ng tukso, ang isip naman niya ay napatuon sa isang bagay.

Hanggang doon kasi ay nagtataka pa rin siya kung bakit hindi natuloy ang pagpunta ng nangakong mag-aayos ng crack sa tiles nila. Medyo nag-aalala siya na baka may madisgrasya na naman doon dahil dito.

Panay naman ang kinikilig na pagkukuwento ni Page kay Beth tungkol sa naging bisita nila sa shop.

“Ang guwapo talaga, Ate Beth, ng guy kanina!” tili nito. “Kung nakita mo lang kanina, masasabi mo talagang siya na ’yung pinapangarap na prinsiphe ni

Alamae.”

Pangiti-ngiti lang siya habang nangungulit ang kanyang mga kaibigan. Oo, aaminin niyang malakas ang dating ng lalaki sa kanya. In fact, for a time she caught herself daydreaming about the man!

Teka! Ang bilis naman yatang mahulog ng kanyang puso para sa lalaking iyon? Hindi kaya magulat ang mga kaibigan kapag nalaman iyon? Hindi kasi siya iyong tipo na maa-attract lang nang ganun-ganun lang. Marami na silang nakitang umaligid-aligid sa kanya, mga inireto pa nga, pero hindi naman siya bumibigay. So what's with this new guy at gan'un na lang ang powers nito at kaydaling tinunaw ang puso niya?

Anuman ang dahilan, naisip na lang niyang kalimutan ang lalaki. Hindi rin naman kasi siya mapalagay dahil naisip niyang posible ring may special someone na ito. *Special someone* na siyang magiging ka-date nito sa nalalapit na *Valentine's*. Biglang nalungkot ang kanyang puso sa naisip. Pero agad din niyang sinaway ang sarili. Bakit naman siya malulungkot na hindi maka-date ang lalaking iyon, eh, marami pa namang guwapo na natitira sa mundo?

She tried to brush off the idea. It was useless to be sad anyway. Two years na rin naman siyang loveless,

hindi na bago kung wala man siyang ka-date ngayong *Valentine's*. She would survive!

“So ano naman ang binili niya para sa girlfriend niya?” singit niyang bigla sa tuksuhan ng dalawa. “A heart pillow? Stuffed cupcake mascot? Felt pink roses?”

“Tiles,” maikling tugon ni Page.

“A-ano?” naguguluhang tanong ni Alamae.

“Miss Lolang Nabinging Bigla, ang sabi ko, tiles.”

“Hindi ko ma-gets,” kunot-noo niyang tugon.

“Hindi siya bumili ng kung anuman para po sa kanyang girlfriend,” natatawang tugon nito. “He was the one who was scheduled to fix the crack on our floor. O di ba, sosyal. Pati mga taga-ayos ng crack, supermodel na ang hitsura!” kilig nitong sambit.

“What? Tama ba 'yung narinig ko?” aniyang nagulat.

“Uuuy, biglang na-excite,” biro ni Beth.

Namula tuloy bigla ang kanyang pisngi. “Excuse me, taga-ayos lang ng tiles, ba't naman ako mae-excite?” defensive niyang tugon sabay irap.

Okay na sana ang acting niya, iyon nga lang,

hindi nakalampas sa paningin ng dalawa ang lalong pagtingkad ng pagkapula ng kanyang mga pisngi.

Nasa loob si Alamae ng kanyang kuwarto, sa kama, suot ang paborito niyang pink silk pajamas.

“My heart has been silent for about two years now, pero mukhang sa isang iglap ay mababago ang tibok nito,” bulong ni Alamae sa kanyang kayakap na fluffy blue bear na may symbol sa tiyan nito na yellow half-moon that was wearing a night cap. It’s name was *Bedtime Bear*. It was another gift from her ex-boyfriend.

“Here comes that so familiar feeling of being in love again,” buntong-hininga niya sabay ikot ng katawan sa kabilang puwesto, yakap pa rin ang manyika. She was still thinking about the man at her shop. She was hoping that he would come back again the next day. Or even the next week, pati rin nga next month.

Bakit ba ganoon na lang ang epekto nito sa kanya? Dapat ba niyang seryosohin ang kanyang nararamdaman? Saka paano kung mayroon na nga itong girlfriend? O hindi ba man lang siya nabagabag sa ideyang iyon?

Well, whatever her reason was for thinking that way, for sure it was reasonable. So reasonable enough that she had started to allow him to fill her thoughts that whole evening. Kung kakatok nga ang lalaki sa kanyang puso, siguradong papapasukin niya ito. Sobra siyang engrossed sa kaiisip sa estranghero na ginusto na rin niyang makita ito sa kanyang panaginip.

Ganoon? Ang lakas naman yata ng tama ng lalaking iyon sa kanya! Ano na lang ang sasabihin ng kanyang mga kaibigan?

Hindi na importante iyon, kasi tuluyan na siyang nakaidlip nang mahimbing.

Lunch time. Ilang saglit ay napuno ang kanyang makulay na stuffed toy shop ng maraming high school students. Since she wasn't busy, she decided to assist with the customers. Tamang-tama naman, bumukas ang kanilang glass door at pumasok ang isang pamilyar na matangkad at guwapong pigura. Suddenly, time stood still. The only sound she could hear was the laughter of the female students; halatang kilig na kilig ang mga ito dahil sa hitsura ng bagong dating.

Nilapitan siya ni Page na may pagtataka sa mukha.

“Meron pa ba tayong mga crack sa tiles na dapat pang ipaayos?” anitong may pilyang ngiti habang palipat-lipat ang tingin sa kanya at sa lalaki.

Umiling siya na parang robot habang nakatutok pa rin ang paningin sa matangkad na estranghero.

“Well... puwede akong gumawa ng crack kung gusto mo. Isang padyak lang ng paa ko ang kailangan actually,” bulong nito sa kanya sabay pakita ng legs nito na ga-pata ang laki.

Pinandilatan niya ang kaibigan. “Page, manahim—”

“Hi,” bati ng lalaki na noon ay nakatayo na sa kanyang harapan. His dimple showed when he smiled and it made her heart stop beating for a few seconds.

“Hi,” tipid na ganti ni Alamae.

Biglang pinatugtog ni Page ang ringtone ng cellphone nito. Sigurado siyang sinadya iyon.

“Ma’am, masyadong maingay dito sa loob! Mas mabuti pang mag-usap na lang kayo ni Sir sa labas,” anitong pasigaw saka in-escort sila papalabas.

Hindi naman sila nakapag-react pa dahil sa bilis ng mga pangyayari. Bago ito tuluyang pumasok, iniwanan pa muna siya ng isang nanunuksong ngiti.

Kahit na limang minuto lang silang nag-usap, parang habang-buhay na iyon para sa dalaga. During the whole time she couldn't stop staring at his beautiful hazel green eyes. Buti na lang at naka-high heels si Alamae kung hindi nanakit sana ang kanyang leeg sa ngawit sa katitingin sa mukha nito. Nang maghiwalay sila, isang makapal na kilig atmosphere na ang bumalot sa paligid niya. She could hardly move after he said goodbye to her.

Habang nag-aayos ng buhok sa harap ng salamin niya, naglililiwaliw sa ibang lugar ang isip ni Alamae. Kabababa lang kasi niya ng phone. Kausap niya si Beth. She told her that she had to cancel their Valentine's Date because she was going out on a date. Hindi na siya masyadong nag-elaborate pa. Alam niyang medyo na-shock ang kaibigan dahil biglaan iyon. Ni wala man lang siyang kahit anong pahiwatig dito na may manliligaw na siya.

But that's because she was trying to be secretive.

She recalled her conversation with Page earlier.

“Alamae, I’m sure magre-react si Ate Beth pag sinabi ko ito sa kanya,” anang kaibigan na medyo nag-aalala. “Matagal na nating pinagplanuhan na lalabas tayong tatlo for Valentine’s, di ba? In fact kaya naurong ng gabi ang date nila ng kanyang boyfriend dahil sa plano natin, di ba?”

“Page, kaya nga sa ’yo ko na lang ipapadaan kasi alam mo naman si Ate Beth siguradong mag-uusisa iyon,” pakiusap niya.

Medyo mahaba-haba rin silang nag-usap bago niya ito tuluyang na-convince. Ang masama, mukhang nahalata nito na hindi maganda ang epekto ng intense attraction niya sa kanyang magiging ka-date, dahil sinabihan pa niya itong gawin ang lahat upang maunawaan ni Beth ang kanyang sitwasyon, hanggang sa puntong kailanganin nitong magsinungaling.

By the time she put her phone down, she was guilty and ashamed already.

Please forgive me, Ate Beth, aniya sa sarili na nalulungkot.

Ilang minuto rin ang lumipas bago niya tuluyang naiayos ang sarili. It was eleven thirty a.m. already, she was all set to go. Hinihintay na lang niya ang

pagpunta ng ka-date sa kanyang bahay. Limang minuto matapos ay biglang narinig niya ang pag-park ng isang sasakyan sa labas.

That must be him! kabadong isip ni Alamae. Pinagmasdan muna niya ang sarili sa kanyang malaking salamin bago tuluyang pumunta ng pinto. Nang marinig ang katok, huminga siya nang malalim saka unti-unting binuksan ang pinto.

Suddenly, she found herself staring at a pair of dark brown eyes with thick lashes... na may pink mascara ang mga talukap.

“P-Page?” gulat niyang sambit. Mas lalong namilog ang kanyang mga mata at siya’y napaurong nang makita niya si Beth sa likuran nito. Sa laki kasi ng katawan ng nakababatang babae ay natabunan nito nang buong-buo si Beth.

Natigil siya at napanganga. She was caught by her friends. Huminga na lang siya nang malalim na tila ba talunan. Then, she motioned them to come inside. Pinaupo niya ang mga ito sa sofa. Kahit ilang minuto na ang nakalipas, hindi pa rin nila maisarado ang kanilang bibig dahil sa pagkamangha ng mga iyon sa kanyang hitsura. Napakaganda kasi ng kanyang ayos at ito ang unang pagkakataon na nakita siya ng dalawa na nakabihis nang ganoon. Naka-

pull back ang kanyang malagong buhok na mahaba. May ilang hibla niyon na naglalaro sa tagiliran ng kanyang tainga at leeg. Shimmering pink eye shadow ang nagpatingkad ng kanyang mga talukap at hayag na hayag ang kanyang natural long eyelashes dahil sa jade lash-mascara. Coral pink naman ang suot niyang halter-top blouse at white fitted pants ang bumalot sa kanyang shapely legs na tinernuhan ng silver stilletos. Sa hitsura niyang iyon, kumbinsido ang dalawang kaharap na attracted siya sa kung sinumang ide-date niya.

Eh, paano ba naman, sa tagal na nilang magkasama, ngayon lang siya nakita ng mga ito na nag-ayos nang ganoon! She was dressed to get a boyfriend!

Nauna nang nagsalita si Beth. “Alamae, we are just concerned about you kaya kami nagtungo rito agad. Besides...alam mo namang hindi kaya ni Page na magtago ng sekreto.” Napabaling siya sa bilugang kaibigan at nakita ang alanganing ngiti nito.

Dahil cornered na siya, she had no choice but to spill out her secret and told them that she had a date with the guy who came to her shop. Alam nilang ilang beses pa lang silang nagkakausap nito kaya ganoon na lang ang kanilang pag-aalala kung bakit

pumayag siyang lumabas nang ganun-ganun na lang. At tinaon pa niya na *Valentine's!* Which meant that she was advertising openly that she was single and very available.

Nakakatakot nga naman iyon. Wasn't she afraid that she was going out with a complete stranger?

At dahil doon, kung anu-ano na lang ang kanilang sinabi upang hindi matuloy ang date nila ng stranger na matangkad.

“Alamae, hindi ka ba natatakot na baka he is on to something?” ani Beth.

“Ay, oo nga!” singit naman ni Page. “Baka pera lang ang gusto niya sa iyo. O kaya baka mamaya balak niyang mangutang, or worse, baka rapist ’yan!” natatarantang sabi nito. “Marami pa namang lumalabas na ganyan pag *Valentine's!*” anitong napapaypay bigla ng kamay na tila ba tumaas ang blood pressure.

“Grabe naman kayo, guys! Hindi man lang n’yo naisip that he might be attracted to me?” nailing niyang pahayag.

Well, may point naman siya! She had beauty and brains naman.

Hinaplos ni Alamae ang kanyang ulunan bago muling nagsalita. “Guys, thanks sa concern ninyo, but you don’t have to worry. I assure you, I’m in good hands,” aniya sa mga ito.

“Anong good hands? Hindi ko nakikita ang magandang epekto ng lalaking iyan sa iyo,” sabat naman ni Page na napamaywang pa nga. “Isipin mo, sinabihan mo pa akong magsinungaling kay Ate Beth!” bulgar pa nito.

“Page,” sita naman ng ate nila habang sinesenyasan sa tingin ang katabi, as if trying to say, *‘I can handle this’*.

Namula bigla ang kanyang mukha dahil sa pagkapahiya.

“A-Ate Beth, I’m really so—”

“I understand,” putol agad nito. “It’s easy to lie once you’ve forgotten to pray and read your Bible,” malumanay nitong sabi, mapang-unawa ang tingin sa kanya.

Pakiramdam niya ay umalingawngaw ang sinabi nito sa kanyang tainga. Tama ang kaibigan, masyado na kasi siyang naging abala sa business.

“Alamae, wala naman kasi sanang problema kung

'yung boyfriend mo na nagbigay nito ang magiging ka-date mo," paliwanag ni Page, hawak ang isang fluffy yellow bear na nakapatong sa tabi ng lamp sa living room. It was *Sunshine Bear*. "We won't be too worried kasi at least iyon, kilala mo na. Saka may idea kami na mabait iyon na tao, base sa kuwento mo. Plus, guwapo rin. But the guy you met at your shop, he is a complete stranger to you!"

"Guys, please trust me. I will be fine! And I know your prayers are with me!" aniyang pilit kinukuha ang loob ng mga ito.

"Okay, ganito na lang," buntong-hininga ni Beth na tila ba alam na nito na hindi na magbabago ang kanyang kaisipan. "Give us one reason kung bakit nakakasiguro ka na walang mangyayaring masama sa 'yo during your date?"

Bago pa siya makasagot, tumunog na ang doorbell. Her countenance changed suddenly. She had this warm glow on her face and a wide smile was pasted on her face. Nagmukha siyang isang school girl na hinihintay ang pagdalaw ng kanyang crush. She slowly stood up and went to the door. Huminga muna siya nang malalim bago iyon binuksan.

Tumambad sa kanilang lahat ang pamilyar na guwapo at matangkad na pigura ng lalaki. He looked

so handsome wearing a V-cut cream shirt at black fitted jeans. He had a bouquet of roses in his hands, and his eyes twinkled in merriment.

Sinuklian iyon ni Alamae ng isang matamis na ngiti. Iginiya niya ang lalaki sa loob ng kanyang living room. Iniharap niya ito sa mga kaibigan na nagmistulang tuod sa katititig dito.

“Ehem!” aniya bago muling nagsalita. “Friends, this is my date,” pakilala niya. “I would like you to meet Dean Rowane... my *husband!*”